Republic of the Philippines
Department of Health
FOOD AND DRUG ADMINISTRATION

FDA ADVISORY
No. 2016-126-A

11 NOV 2016

PARA: **SA LAHAT NG *HEALTHCARE PROFESSIONALS* AT SA PUBLIKO**

PAKSA: **Babala sa Publiko Tungkol sa Paggamit ng Hindi Rehistradong Gamot na "Senna per 80 g contains: Senna Pods 60 g and Senna Leaves 20 g (Kancura Herbal Tea)" na Ginawa ng Tai Ping (H.K.) Trading Co., Ltd. - Hongkong**

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa paggamit ng hindi rehistradong gamot na Senna per 80 g contains: Senna Pods 60 g and 20 g Senna Leaves (Kancura Herbal Tea):



Senna (Kancura Herbal Tea)
Sole Agent: Tai Ping (H.K.) Trading Co., Ltd.
Manufactured by: Tai Ping Healthbreed of (Shantou) Co., Ltd.

Imported by: Diamond Laboratories, Inc. - #8 Feria Rd. Commonwealth Ave., Diliman, Quezon City. website: www.diamondlab.com.ph

Distributed by: Rej Diamond Pharmaceuticals, Inc. – 3/F Diamond Bldg. #8 Feria Rd. Commonwealth Ave., Quezon City. e-mail: rejpharma@tri-isys.com.ph

Larawan 1. *Packaging* ng *Box by* 4 *teabags presentation* ng hindi rehistradong Kancura Herbal Tea

Larawan 2. *Packaging* ng *Box by* 10 at 60 *teabags presentations* ng hindi rehistradong Kancura Herbal Tea

Larawan 3. *Packaging* ng *Fiber Lined Aluminum Can by* 80 g *presentation* ng hindi rehistradong Kancura Herbal Tea

Para sa inyong kaalaman, ang rehistrasyon (DR-XY15660) ng nabanggit na produkto ay nag-*expire* noong 17 August 2014. Ang *distributor*, Rej Diamond Pharmaceuticals, Inc., ay umapela para sa rekonsiderasyon ng hindi aprobadong *renewal application* ng produkto na kinalaunan ay hindi rin inaprubahan at isinaad sa inilabas na liham ng FDA na may petsang 29 February 2016.

Ang lahat ng *healthcare professionals* at ang publiko ay pinag-iingat sa nasabing hindi rehistradong produkto. Ito ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit nito, at ang pag-aangkat at pagbebenta nito ay paglabag sa *Republic Act No.* 9711 o ang Food and Drug Administration Act of 2009.

Upang mapangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng publiko, ang mga inspektor ng FDA ay inaatasang isagawa ang kanilang mandato ayon sa *Section* 14 ng *Republic Act No.* 9711.

Ang lahat ay binabalaan na ang pagbebenta, pag-aangkat, at pamamahagi ng nasabing hindi rehistradong gamot ay ipinagbabawal at may kaukulang parusa.

Gayundin, ang lahat ng *Local Government Units* (LGUs) at iba pang mga kaugnay na ahensya ay hinihikayat na siguraduhing ang hindi rehistradong produktong ito ay hindi makikita sa kanilang mga pinamamahalaan.

Pinapaalalahanan ang publiko na bumili lamang ng mga gamot sa mga botika o pamilihang lisensyado ng FDA. Atin pong tandaan na bukod sa pag-iinspek ng mga establisiyamento, ang pagsusuri ng mga produkto, pagrerehistro, at pag-eeksamin sa laboratoryo, ay mga hakbang ng gobyerno upang masiguro ang kaligtasan, kalidad, at bisa ng mga gamot. Ugaliing hanapin ang *FDA Registration number* sa *label* ng mga produktong binibili. Alalahanin din natin na ang mga *label* ng mga produktong rehistrado sa FDA ay naglalaman ng mga impormasyon sa Ingles o Filipino upang maintindihan ng mga mamimili ang mga gamot na nilalaman nito.

Para sa karagdagang impormasyon at mga katanungan, maaaring mag *e-mail* sa info@fda.gov.ph. Hinihikayat ang lahat na sumangguni at magsumbong sa FDA ng anumang patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga hindi rehistradong produkto sa pamamagitan ng pag *e-mail* sa report@fda.gov.ph o pagtawag sa (02) 807-8275. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, i-report agad sa FDA gamit ang *link* na ito: www.fda.gov.ph/adr-report-new at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.

NELA CHARADE G. PUNO, RPh
FDA Director General

DTN: 20160331161527